

Nahihirapan ka ba sa mga ganitong problema?



Kung nakaranas ka ng problema bilang mamimili, huwag mag-alala nang mag-isa—kumonsulta muna sa Consumer Affairs Center.

Case 1

Hindi dumating ang produkto!

Nag-order at binayaran ko ang produkto online, pero hindi ito dumating. Hindi ko rin makontak ang nagbebenta...



Case 2

Akala ko trial lang...

Bumili ako ng health product na may discount para sa isang beses na trial, pero pinadalhan ulit ako ng parehong produkto sa susunod na buwan. Paano ako magka-cancel?



Case 3

Sa pagpirma ng kontrata para sa smartphone...

Sinabihan ako na magiging mas mura kung sa naka-bundle na plan, at napilitan akong pumayag kahit hindi ako sigurado.



Case 4

Problema sa kontrata sa real estate

Nang umalis ako sa inuupahang apartment, sinabi sa akin na gagamitin ang deposito para sa pagpaparenovate, kaya hindi ito ibinalik. Akala ko iningatan ko naman ito sa mabuting kondisyon...



Tingnan din ito

Website ng National Consumer Affairs Center of Japan (English na bersyon)

Makikita dito ang iba't ibang halimbawa ng konsultasyon tungkol sa mga problema ng mamimili.

https://www.kokusen.go.jp/ncac_index_e.html



Huwag mag-atubiling kumonsulta sa amin

Libre ang
konsultasyon

Ang Okayama Prefecture Consumer Affairs Center ay tumatanggap ng konsultasyon mula sa mga residente tungkol sa reklamo sa produkto at serbisyo, at nagbibigay ng payo at tulong upang malutas ang mga problema.

Consumer Hotline

 **TEL / 188 (hindi na kailangan ang area code)**

- Makokonekta ka sa pinakamalapit na Consumer Affairs Center sa iyong lugar.
- May bayad ang tawag.

Okayama Prefecture Consumer Affairs Center (2-13-1 Minamigata, Kita-ku, Okayama-shi)

 **TEL / 086-226-0999**

 **Oras: Martes–Linggo, 9:00–16:30**

*Sarado tuwing holiday at sa Bagong Taon.

Okayama Prefecture Consumer Affairs Center, Tsuyama Office (53 Sange, Tsuyama-shi)

 **TEL / 0868-23-1247**

 **Oras: Lunes–Biyernes, 9:00–12:00 at 13:00–16:30**

*Sarado tuwing holiday at sa Bagong Taon.

*Kung hindi ka marunong magsalita ng Japanese, mangyaring sumama sa taong marunong nito.
Maaari ring kumonsulta sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.

Okayama Prefecture Foreign Residents Consultation Center

 **TEL / 0120-007-173**

(Lunes–Sabado, 9:00–17:00)

Maaaring kumonsulta gamit ang interpreter sa telepono sa humigit-kumulang 20 wika.

 <https://www.opief.or.jp/consulting/#1>

